# Ang Diyos na Palaging Sumasa Atin

"Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos" (Genesis 5:24).

Wala nang mas hihigit pang biyaya kaysa sa paglakad na kasama ang Diyos. Ito ay nangangahulugang sumasaiyo ang Diyos sa pamumuhay mo. Ito ang buhay na maaari mong ipamuhay kapag pinamumunuan ka ng Diyos sa lahat ng bagay, sa Kanyang plano at kalooban.

Kaya, kahit na sinong umaasa sa Banal na Espiritu ay maaring mabuhay na kasama ang Diyos. Upang palaging makapiling ang Diyos, na Siyang liwanag, dapat walang kadiliman sa buhay mo. Dapat kang mamuhay nang nasa liwanag.

Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos sa loob ng 300 taon. Hindi siya namatay, subalit dinala siya patungo sa Langit. 'Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan,' subalit hindi niya naranasan ang pisikal na kamatayan, nangangahulugang wala siyang ginawang kasalanan.

Si Jose ay isa pang halimbawa ng taong palaging kasama ng Diyos. Ang buhay niya ay nakaayon sa Kanyang dakilang plano. Ginamit ng Diyos si Jose bilang mahalagang instrumento para sa Kanyang kaharian. Hindi dahil sa mga kasalanan niya kaya siya dumaan sa paglilinang at mga pagsubok. Paraan ng Diyos ang mga ito bilang paghahanda kay Jose.

Sa nakaraang 29 taon, naranasan ng iglesyang ito ang mga pagpapatunay na ang Diyos ay sumasaatin. Ngayong ipinagdiriwang natin ang ika-29 anibersaryo ng iglesya, iisa-isahin ko ang mga katibayan na ang Diyos Ama ay nagpapatuloy na kasama ng Manmin.


Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### Una sa lahat, sumasaatin ang Diyos at ang Kanyang kapangyarihan.

Sinasabi sa Mga Awit 62:11, "Ang Diyos ay nagsalitang minsan, dalawang ulit kong narinig ito: na ang kapangyarihan ay sa Diyos." Ang kapangyarihang ito ay tanging sa Diyos lang at walang ibang makakagawa nito. Hindi pa binabanggit dito ang kapangyarihan sa paglikha!

Sa nakaraang 29 taon, magmula nang maitatag ang iglesya, ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos ay walang hinto at patuloy na naihahayag sa iglesyang ito. Higit pa riyan, ang kapangyarihan ay palaki nang palaki. Ang gawain ng pagpapagaling ng bawat indibiduwal ay mas mabilis na nagaganap, at nangyayari ang imposible.

Noong nakaraang buwan, may isang kapatid sa Chun-Cheon Manmin Church na naayos ang ngipin pagkatapos kong ipanalangin. At kamangha-mangha na may ilang miyembrong nagkaroon sa wallpaper ng mga cellphone nila ng 'Bagong Jerusalem' gayong hindi naman sila magaling sa mga ganitong bagay.

Dagdag pa dito, ang kapangyarihan ng Diyos ay naipapahayag sa paraang ni hindi ninyo maiisip. Mga naglalabasang mga tutubi sa kalawakan, ang kapangyarihan sa bulalakaw, mga bituin, at lagay ng panahon; ang aurora light na siyang orihinal na liwanag ng anyo ng Diyos – ang mga ito ang pinakamatataas na antas ng kapangyarihan na nasa Diyos na Manlilikha.

Kaya sinasabi sa Ang Mga gawa 2:22, "Kayong mga Israelita, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Jesus na taga-Nazaret, isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan, mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan Niya sa gitna ninyo, gaya ng nalalaman ninyo." Sa Mga Taga-Roma 15:18-19, sinabi ni apostol Pablo, "Sapagkat hindi ako mangangahas magsalita ng anumang bagay, maliban sa mga ginawa ni Cristo sa pamamagitan ko, upang sumunod ang mga Hentil, sa salita at gawa, sa kapangyarihan ng mga tanda at ng mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos." Sa madaling salita, wala nang ibang mas tiyak at lubos na katibayan na ang Diyos ay sumasaatin maliban sa kapangyarihan Niya.

### Pangalawa, sumasaatin ang Diyos at ang Salita Niya.

Pagkatapos kong tanggapin ang Panginoon, kumapit ako sa Kanya sa pananalangin at pag-aayuno at hiniling ko sa Kanya na ipaliwanag ang mga salita sa Biblia. Ginawa ko ito sa loob ng pitong taon, hindi ako sumusuko. Sa bandang huli, sa malalim na inspirasyon ng Banal na Espiritu, sinimulan ng Diyos na ipaliwanag nang isa-isa ang espirituwal na kahulugan ng mga Salita sa Biblia. At ipinaliwanag din Niya ang tungkol sa espirituwal na kaharian na hindi kayang ipaliwanag ng talino, pang-unawa, saloobin, at teorya ng tao o anumang karunungan sa mundo.

Ang librong *The Message of the Cross* ang pinakabatayan para sa pamumuhay Cristiano at dapat basahin ng mga Cristiano. Naglalaman ito ng malinaw na mga sagot sa mga pangunahing usapin tungkol sa pananampalataya.

Ang *The Measure of Faith* ay nagsisilbing gabay na tutulong sa mga Cristiano para maunawaan at sukatin nang tama ang pananampalataya nila upang maabot ang kapuspusan ni Cristo. Nasa librong ito ang mga mahahalagang mensaheng hindi ninyo maririnig kahit saan, para sa mga Cristianong mayroong 'patay na pananampalataya' at sa mga nag-aakalang pantay-pantay ang pananampalataya ng tao.

Ang mga mensahe ng seryeng "Spirit, Soul and Body" ay gumagabay sa mga tao para iwaksi ang 'kasinungalingan sa sarili' at para maging banal at puspos ng espiritu (1 Mga Taga-Tesalonica 5:23). Ang mensaheng ito ay nagpapakita ng paraan kung paano magiging espirituwal sa pamamagitan ng pagsusuri sa bawat bahagi ng pinagmulan ng tao – posible lang ito kung ang Diyos mismo ang magpapaliwanag dahil Siya ang lumikha ng sangkatauhan. Ang mga mensahe sa 'Heaven' at 'Hell' ay tungkol sa kabilang buhay na ipinaliwanag nang detalyado ng Diyos. Ito ang mga mensaheng dapat pakinggan ng bawat tao dito sa mundo, hindi lang ng mga Cristiano.

Nagbigay na ang Diyos sa inyo ng sapat na pagkaing espirituwal para maibalik ninyo ang nawalang imahe ng Diyos at maging tunay na mga anak Niya. Sa pamamagitan ng mga aral sa Ang Mapapalad, Ang Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu, Ang Kabanata tungkol sa Pag-ibig ng 1 Corinto, ang mga antas ng kabutihan at iba pa, nagbigay ng mahahalagang mensahe ang Diyos para sa pagpapabanal ninyo at pagiging puspos.

May garantiya mula sa Diyos mismo ang mga mensaheng inihahatid mula sa altar. Hindi na mabilang kung ilang beses akong nagpropesiya magmula nang buksan ang iglesyang ito at ni hindi ako nagkamali sa mga propesiya ko. Nagmula sa Diyos ang mga ito – Siyang nakakaalam ng lahat ng bagay.

### Pangatlo, ang Diyos ay sumasaatin sa mga bunga.

Sinabi ni Jesus sa Mateo 7:20, "Kaya't makikilala ninyo sila sa kanilang mga bunga." Ang isang mabuting puno ay hindi mamumunga ng masamang bunga, at hindi rin mamumunga ng mabuting bunga ang masamang puno. Kaya, ang iglesyang kasama ang Diyos ay mamumunga ng mabuti at magandang mga bunga.

Maraming kaluluwa na ang naligtas, at marami na ang nakakilala at naranasan ang Diyos. Ang kaharian ng Diyos ay pinalawak, at ang mga gawain na lumuluwalhati sa Diyos ay nangyayari. Ang mga gawain ng kabutihan na nagpapanumbalik ng buhay sa mga kaluluwa ay nagaganap na rin.

Halos lahat ng mga miyembro natin ay palaging pinoprotektahan mula sa mga aksidente at mga kalamidad. Kung may sakit sila, hinahanap nila ang dahilan nito, pinagsisisihan, at ipinapanalangin; pagkatapos, agad silang gumagaling at bumabalik sa normal. Kung lumalakad sila sa daan ng katuwiran at katotohanan, naghahasik ng pananampalataya sa harap ng Diyos, at tumatanggap ng panalangin, ang mga negosyo nila ay binibiyayaan at nagiging maunlad ang mga buhay nila.

Ang pagiging masagana ng bunga ng espiritu at kaluluwa ang pinakamahalaga sa lahat ng ito. Ang biyaya ng kalusugan at ang lahat ng ibang mga biyaya ay tiyak na kasunod ng mga ito. Sa kasalukuyan, marami sa mga miyembro ng Manmin ang lumalampas na sa antas ng 'matibay na pananampalataya,' at pumapasok na sila sa antas ng kabanalan. May pagtitiwala sila na makakaya nila ito, at dahil sumasabay sila sa pagkilos ng espiritu, pumapasok na sila sa kabanalan at kapuspusan.

Kasabay ng mga bungang ito, ang Manmin ay nagkakaroon din ng mga kamangha-manghang bunga bilang isang iglesya. Ang ministeryo ng pagsasahimpapawid ng Manmin TV at GCN ay umaabot sa isang daan at pitumpung mga bansa sa buong mundo. Mga animnapu sa mga libro ko ay naisalin na o isinasalin pa sa halos pitumpung mga wika, at nailathala na sa mahigit na dalawampu't walong mga wika.

Ang World Christian Doctors Network (WCDN, samahan ng mga Cristianong Doktor) ay may malaking tungkulin sa aming Pandaigdigang Misyon sa pagbibigay ng dokumentasyon o mga patunay sa larangan ng medisina tungkol sa kapangyarihan ng Diyos. Sa pamamagitan ng Manmin International Seminary (Pandaidigang Seminaryo ng Manmin), hindi mabilang na lingkod ng Diyos mula sa ibang bansa ang natututo ng ebanghelyo ng kabanalan, at nagpapahayag ng ebanghelyo sa kani-kanilang mga bansa.

Sa pamamagitan ng dose-dosenang krusada sa ibang bansa at mga seminar para sa mga pastor, naisakatuparan namin ang mahahalagang kaganapan at nakapagtala ako ng sapat na patunay para makasama sa kasaysayan ng Cristianismo. Higit pa riyan, dahil sa makasaysayang ministeryo sa Israel, naibalik ang ebanghelyo sa lugar na iyon, 'ang pinakaliblib na bahagi ng mundo,' pagkalipas ng 2,000 taon.

Ang lahat ng ito ay hindi naisagawa sa pamamagitan ng lakas ng tao. Hindi ito naging posible dahil sa yaman at kapangyarihan; hindi rin ito natupad dahil sa plano ng tao. Ang Diyos Ama lamang ang nanguna sa bawat hakbang namin, at pinatunayan ito sa pamamagitan ng mga bunga na sumasaamin Siya. Nagpapasalamat kaming lahat sa Diyos Ama na kasama namin sa loob ng 29 taon.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin

NO. 49 NOBYEMBRE 6, 2011

# Ang Pagdiriwang ng Ika-29 Anibersaryo ng Iglesya:

## Pandaigdigang Kasayahan na Itinampok ang Kagandahan ng Langit


①


②


③


④

Litrato 1: Ang Pagtatanghal sa Gabi ng Pagdiriwang ng Anibersaryo, Litrato 2: Ang Punong Pastor Dr. Lee, kausap ang mga panauhin mula sa ibang bansa, Litrato 3: Ang mga dayuhang panauhin habang nanonood ng 3D video na 'Heaven, a Huge Castle in New Jerusalem', Litrato 4: Ang pinagtanghalan pagkatapos ng Pagsamba sa Linggo ng Umaga

Ipinagdiwang ng Manmin Central Church ang kanilang ika-29 anibersaryo. Natupad nila ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa at ang pagmimisyon sa buong mundo sa pamamagitan ng napakalakas na kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Humigit-kumulang sa dalawang daan at tatlumpung panauhing pandangal na nanggaling sa relihiyon, politika, media, GCN (Global Christian Network, samahan ng mga Cristiano sa buong mundo), at WCDN (World Christian Doctors Network, pandaigdigang samahan ng mga Cristianong doktor) na nagmula sa tatlumpung mga bansa ang dumalo sa gabi ng pananambahan at pagdiriwang. Nasiyahan sila sa iba't ibang pagtatanghal na nagsalarawan ng buhay sa kaharian sa langit.

Noong Oktubre 7, ika-9:30 ng gabi, ipinalabas ang magandang 3D video na 'Heaven, a Huge Castle in New Jerusalem.' Sa ikalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes, itinanghal naman ang 'Heaven.' Ayon kay Dr. Peter Okaalet, Punong Direktor ng Health at HIV (M.A.P. International) na taga-Kenya, "Lahat ng pagtatanghal ay kahanga-hanga. Damang-dama ko ang kaharian sa langit."

Noong Oktubre 9, sa pagsamba sa Linggo ng umaga, inihatid ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mensaheng 'Ang Diyos ay Karapat-dapat Luwalhatiin' na batay sa Isaias 42:8. Pagkatapos ng mensahe, ang Diyos ay niluwalhati at pinasalamatan ng mga miyembro ng iglesya dahil sa pagpapakita ng kamangha-manghang mga tanda, mga kababalaghan at sa pagtugon sa mga panalangin sa loob ng 29 taon. Ika-3:00 ng hapon nang ganapin ang pagsamba at pagtatanghal. Sa pagsamba, naghatid ng isa pang mensahe si Dr. Lee, ang 'Heaven,' mula sa Apocalipsis 22:1-2. Sinabi ni Dr. Lee sa mensahe niya, "Walang tigil na tutuparin ng Manmin Central Church ang nais ng Diyos, aakayin ang lahat ng tao sa kaharian ng langit."

Sa pananambahan, bumati si Dr. Mikhail Morgulis, ang pangulo ng Spiritual Diplomacy Foundation, sa U.S. Sinabi niya, "Ang Manmin Central Church ang isla ng pag-ibig. Pinagpala sila ng Diyos para patuloy na makakita ng mga tanda at kababalaghan sa loob ng 29 taon sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee na pinili at itinakda mismo ng Diyos." Binasbasan ni Pastor Jongnam Lee, pangulo ng Christian World Revival Mission Association ang pagtatapos ng pagsamba.

Sumunod ang napakagagandang pagtatanghal ng mga choir, ng Nissi Orchestra, ng mga grupo ng papuri at pagganap ng Komite ng Sining ng Manmin Central Church. Tunay na nagbigay sila ng luwalhati sa Diyos.

Ipinamalas nila sa espesyal na tanghalan ang kagalakan at kasiyahan na madadama sa Langit sa pamamagitan ng mga awit na biyaya ng Diyos. Kasama rin dito ang iba't ibang klaseng sayaw tulad ng tradisyunal na sayaw ng Korea at ballet, na naglapit ng kaharian ng langit sa mga manonood. Ang pagtatanghal ay isinahimpapawid ng GCN sa isandaan at pitumpu't anim na mga bansa, gayundin sa pamamagitan ng internet na nagbigay sa mga manonood ng pag-asa sa Langit.

Pagkatapos ng mga pagsamba, ang mga panauhin na nagmula pa sa ibang bansa ay bumisita sa Muan Sweet Water kung saan ang maalat na tubig ay naging sariwang tubig na maaaring inumin dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Ang ilan sa mga nakaranas ng makapangyarihang pagpapagaling ng Diyos ay ang mga sumusunod: Prof. Dr. Rita Sihotang Cussoy (Indonesia), na gumaling ang diabetes; Rev. Mario G. Laurente (Pilipinas), na nawala ang masakit sa leeg; Kapatid na Humina Hara (Japan), na gumaling ang eczema sa kamay; at si Gng. Piorida Tamba, asawa ni Pastor Mangihut Manalu (Indonesia), na bumalik ang linaw ng paningin.

# Ang Pagkilos ng Banal na Espiritu ay Hindi Hihinto Hangga't Hindi Tumatanggap ng Kaligtasan ang Lahat ng Mga Bansa

## Unang Bahagi

May Naganap na Himala sa Isang Tao
Tulad ng Hamog na Biglang Naglaho sa Buhay Niya,

### "Ang Diyos ay Tunay na Buhay!"

Nangyari ito kay G. Jaerock Lee noong Marso 1968, wala pa siyang nalalaman tungkol sa Diyos noon. Nasobrahan ang pag-inom niya ng alak sa selebrasyon ng kanyang kasal kaya sumakit ang tiyan niya. Naging sanhi ito ng tuluyang panghihina ng tiyan niya at nauwi sa iba't ibang komplikasyon. Sa loob ng pitong taon, sinikap niyang makahanap ng makakapagpagaling sa kanya, subalit nabigo siya. Dinadalhan siya ng nanay niya ng mga bagay na sinasabing maaaring makagaling at dala na rin ng desperasyon, pinainom pa siya ng katas ng dumi. Ngunit walang nakapagpagaling sa kanya. Tila wala nang pag-asa na gagaling pa siya, at sa huli, sinabihan na lang siya ng nanay niya – "Mamatay ka na nga!"

Araw-araw, ang ningas ng buhay niya ay unti-unting nauupos, papalapit na sa kamatayan. Isang araw iniabot ng Diyos ang mga kamay Niyang mapagmahal. Dinalaw siya ng pangalawang kapatid na babae. Nahihirapan itong lumakad dahil sa malalang rayuma, kaya nagpasama kay Jaerock sa Hyun Shin-ae Church. Isa itong paraan na naisip ng kapatid bilang tugon sa panalangin na maibahagi ang ebanghelyo sa mas batang kapatid.

Hindi niya matanggihan ang paulit-ulit na pakiusap ng ate niya kaya sumama siya gamit ang isang tungkod. Pagdating nila sa simbahan, nabigla siya sa dami ng mga taong malakas na nananalangin. Nagdadalawang-isip siyang lumuhod dahil pakiramdam niya ay kakatuwa ang pananalangin ng mga tao doon. Nang sandaling iyon, nag-init ang katawan niya at pinagpawisan siya.

Dahil sa malalang tympanitis (impeksyon sa tainga) hindi niya naririnig kahit ang malalakas na tunog, pero ngayon, malinaw na malinaw sa pandinig niya ang bawat tunog. At nakauwi pa siya nang hindi gumamit ng tungkod. Kinabukasan nawala na lahat ang mga sintomas ng mga karamdaman niya sa buong katawan. Ang ateistang ito ay binautismuhan ng Banal na Espiritu at pinagaling sa lahat ng karamdaman! Hallelujah!

Kinabukasan, habang inaalala niya ang lahat ng mga pangyayari noong nakaraang araw, napagtanto niya na isang kamangha-manghang himala ng Diyos ang naganap sa kanya at pinagaling ng Diyos ang lahat ng mga karamdaman niya. Sa puntong ito, wala siyang magawa kundi magpahayag ng paniniwalang, "Ang Diyos ay tunay na buhay!"


1992 Krusada ng Napakamakapangyarihang Banal na Espiritu sa Buong Mundo


1993 Krusada ng Ebanghelyo sa Washington


1995 Krusada ng Mapayapang Pagkakaisa at Kagalakan (Yoido Square)


2000 Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan kasama si Dr. Jaerock Lee


Pakikipag-usap kay Alejandro Toledo, dating pangulo ng Peru


2003 Pagdiriwang ng mga Himala sa Russia kasama si Dr. Jaerock Lee


2010 Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling sa Estonia kasama si Dr. Jaerock Lee


2006 Krusada sa New York kasama si Dr. Jaerock Lee


2009 Krusada ng Pagkakaisa sa Israel kasama si Dr. Jaerock Lee (idinaos sa International Convention Center sa Jerusalem)

## Ikaapat na Bahagi

Habang Tinatakpan ng Tubig ang mga Dagat

### - Ipinapangaral ang Banal na Ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa Lahat ng Sulok ng Mundo!

Ang tunay na layunin ng buhay mananampalataya natin ay makamit ang kaligtasan at makapasok sa Langit. Ang kasalanan ng tao ay nahahati sa dalawang grupo: ang orihinal na kasalanan na nasa atin na nang ipinanganak tayo at ang mga kasalanang ginagawa natin habang nabubuhay sa mundo. Ang sinumang may kasalanang hindi naiwaksi at napagsisihan ay itatapon sa Impiyerno at pahihirapan nang walang hanggan. Ipinapahayag ng Biblia na mayroong Langit at Impiyerno at maraming tao ang nagpapatotoo ng mga espirituwal na karanasan nila sa mga ito. Tumanggap si Dr. Lee ng malalalim na salaysay tungkol sa Impiyerno at Langit sa maalab niyang pananalangin at ang mga patotoo niya ay pinagsama-sama sa librong *Hell* at sa dalawang librong *Heaven I at II.*

Binigyan ng Diyos ng kapangyarihan si Dr. Jaerock Lee dahil sumunod siya sa Salita Niya at ipinakita ang mga bunga ng Espiritu. Gumawa din ang Diyos ng mga hindi pangkaraniwang himala sa pamamagitan niya katulad ng nakasulat sa Ang Mga Gawa 19:11-12. Nang ang mga panyo at tapis na napadikit sa katawan ng apostol Pablo ay dinala sa mga may sakit, gumaling sila at lumayas ang masasamang espiritu. Ganito rin ang nangyayari kung ipapanalangin ng mga katuwang na pastor ang mga may sakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee, maraming tao ang nakawala sa pagiging alipin ng masasamang espiritu at pagdurusa sa karamdaman.

Kilalang-kilala sa buong mundo ang makapangyarihang mga ministeryo niya sa ibang bansa at napabilang siya sa listahan ng mga Pinakamakapangyarihang Lider noong 2009 at 2010 ng pinakamalaking portal site sa wikang Ruso, ang www.invictory.org at sa English website na www.christiantelegraph.com. Hinirang siya bilang 'Misyoneryo ng Taon' ng mga ahensya ng pagbabalita noong 2010 at 'Mangangaral ng Ebanghelyo ng Taon' noong 2009.


Kung si Jesus ay gumawa ng mga tanda at kababalaghan na nagpatotoo sa Salita Niya para tulungan ang mga tao na maniwala, ang ministeryo ni Dr. Jaerock Lee ay kinakatawan ng mahimalang pagpapagaling, mga tanda at kababalaghan upang patunayan na mayroong Diyos at ang nakasulat sa Biblia ay totoo. Palagi niyang sinasabing ang kapangyarihan ay sa Diyos lang at ang pinagmumulan ng ministeryo niya sa pagpapagaling ay ang Diyos na sumasa kanya. Ang lahat ng nagawa na niya ay naging posible dahil lang sa pangalan ni Jesu-Cristo.

1982 | 1983 | 1984 | 1985 | 1986 | 1987 | 1988 | 1989 | 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 | 2004 | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2010 | 2011

## Ikalawang Bahagi

Nilinis Niya ang Kanyang Sisidlan at Iniwaksi ang Lahat ng Uri ng Kasamaan

### sa Pamamagitan ng Pagtuon sa Langit hanggang Mapalaya sa Kahihiyan



Pagkatapos makatagpo ang buhay na Diyos, si Diakonong Jaerock Lee ay napuspos ng Banal na Espiritu at ng pagpapala ng Diyos na nagligtas sa kanya mula sa kamatayan at gumabay sa kanya patungo sa walang hanggang buhay. Nagsimula siyang magsimba ng may galak at pagpapasalamat, tumuon sa pagbabasa ng Biblia, pananalangin sa Diyos, at pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga kapit-bahay at mga kaibigan hangga't makakaya niya. Minahal niya una sa lahat ang Diyos at sumunod siya sa lahat ng sinabi ng Diyos sa Biblia.

Habang nagbabasa siya ng Biblia, ginuguhitan niya ang mga talatang nagpapaliwanag sa kanya ng tungkol sa mga kasalanan, at pagkatapos ay nag-aalay ng taimtim na pangakong-panalangin at nag-aayuno para lubos niyang masunod ang salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng maalab na pananalangin at pag-aayuno, hindi lang niya naiwaksi ang mga kasalanan niyang nakikita sa mga gawa niya kundi pati ang makasalanang likas at mga pagnanasa sa kalooban niya. Hanggang sa wakas ay nawala na sa kanya ang kasamaan dahil nilinis na siya ng Panginoon.

Maalab niyang pakiusap ang tunay na maunawaan ang kalooban ng Diyos na nakatala sa Biblia at tumanggap ng espirituwal na interpretasyon sa mga talata na mahirap maipaliwanag. Dumalo siya sa napakaraming pagtitipon ng pagbabagong buhay para matutuhan ang lalim ng Salita ng Diyos subalit hindi napawi ng mga ito ang uhaw niya para sa interpretasyon na magmumula lang sa Espiritu. Nagsimula siyang makipagbuno sa Diyos sa panalangin tulad ni Jacob sa Ilog ng Jabbok at hiniling sa Diyos na bigyan siya ng mas malalim na espirituwal na interpretasyon ng Biblia. Dininig ng Diyos ang dalangin niya at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tinanggap niya ito mula sa Diyos.

Noong Hulyo 1982, itinatag ni Pastor Jaerock Lee ang Manmin Church sa Seoul, Korea. Inihatid niya ang mga mensaheng puno ng buhay at nagpakita ng mahimalang mga tanda at kababalaghan sa pangalan ni Jesu-Cristo. Dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu, naisulong ng mga miyembro ng iglesya ang pananampalataya nila, nakaranas ng mahimalang paggaling, at espirituwal na pagbabago. Ang iglesya ay nakilala bilang iglesyang puspos ng Espiritu dahil sa napabanal ng Salita at pananalangin kasabay ng mga tanda at kababalaghan.

Noong Pebrero 1993, hinirang ang iglesya niya na isa sa 50 Nangungunang Iglesya ng *'Christian World'* magasin bilang pagkilala sa paglago at paglakas nito. Dahil dito, nagkaroon siya ng pagkakataon na magdaos ng mga espesyal na seminar at krusada sa USA. Ito rin ang naging simula ng mga paanyaya na magsagawa ng mga pagpupulong para sa mga pastor at mga krusadang may pagpapagaling sa maraming bansa kasama na ang USA, Japan, Tanzania, at Argentina.

## Ikatlong Bahagi

Dahil sa Napakalakas na Kapangyarihan ng Banal na Espiritu

### Umaabot sa Lahat ng Sulok ng Mundo ang Ebanghelyo ng Kabanalan na may Limang Sangkap!

Ginanap ni Rev. Dr. Jaerock Lee ang kaibuturan ng espirituwal na pag-ibig. Dahil dito, napagtiisan niya ang kasamaan ng mga taong pinagpakitaan niya ng kabutihan at ipinanalangin niya sila. Umabot ito sa Diyos kaya pinagkalooban siya ng kamangha-manghang kapangyarihan.

Noong taong 2000, nagsimula siyang magdaos ng napakalalaking mga krusada sa ibang bansa. Sa bawat krusada, gumawa ang Diyos ng mga kamangha-manghang himala sa pamamagitan niya kaya nakatawag ito ng pansin ng mga kilalang brodkaster at mga manunulat. Itinampok ng CNN ang krusada sa Uganda noong 2000 na ginawa sa Kampala Park. Sa apat na araw na krusadang may pagpapagaling at pananalangin sa India noong 2002, mahigit sa tatlong milyong katao ang dumalo at napuno ito ng pagbabalik-loob at mga himala ng pagpapagaling sa pangalan ni Jesu-Cristo. Itinakdang gawain ang krusada niya sa Russia noong 2003 para sa pagdiriwang ng ika-300 anibersaryo ng Lungsod ng St. Petersberg. Ang krusada sa New York noong 2006 na ginawa sa Madison Square Garden, isa sa mga pinakatanyag na lugar ng pagtatanghal, ay isinahimpapawid sa isang daan at pitumpu't anim na bansa. Noong 2009, idinaos niya ang krusada sa Israel na pinamagatang 'God Is Great' sa ICC (International Convention Center) sa Jerusalem. Doon niya iprinoklama na si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas at ang Mesyas. Noong 2010, niluwalhati niya ang Diyos at inihayag na ang Diyos ay buhay sa mga mensahe niyang puno ng buhay at sa hindi mapigilang kapangyarihan sa krusadang may pagpapagaling sa Estonia.

Ang mga pastor at mga lider ng pagbabagong buhay mula sa buong mundo ay nagpahayag ng malaking paggalang sa Ebanghelyo ng Kabanalan na may Limang Sangkap na itinuturo ni Dr. Lee. Dahil ang Ebanghelyo ng Kabanalan, na may Pagbabagong-buhay, Pagpapabanal, Pagpapagaling, Muling Pagkabuhay at Muling Pagbabalik ay may kapangyarihang baguhin at muling palakasin ang espiritu, kaluluwa at katawan ng tao. Itinuturo ni Dr. Lee na ang mga mananampalataya sa Panginoong Jesus ay maaring maglinis ng sarili hindi lang sa mga kasalanang ginawa nila kundi sa mga kasalanang nakatago sa isipan at sa puso sa pamamagitan ng pagpapala at lakas ng Diyos sa tulong ng Banal na Espiritu.

Totoong magagawang iwaksi ng bawat mananampalataya ang kahit na anong kasamaan, pabanalin ang puso niya, at tuparin ang nais ni Jesu-Cristo kapag siya ay nasa kapangyarihan at pagpapala ng Diyos at puspos sa gabay at tulong ng Banal na Espiritu. Palaging binibigyang-diin ni Rev. Dr. Lee na kahit na sinong mananampalataya ay maaring magkaroon ng mas mataas na antas ng espirituwal na pananampalataya sa abot ng paglilinis ng sarili niya, at maaari siyang tumungo sa mas magandang lugar sa Langit batay sa laki ng pananampalataya niya.

① 

② 

③ 

④ 


⑤ 

⑥ 

⑦ 

▪ Litrato 1: Istasyon ng GCN na nasa Empire State Building, ▪ Litrato 2: Hinirang si Dr. Jaerock Lee bilang isa sa Nangungunang 10 Pinakamakapangyarihang Lider na Cristiano at Misyonero ng Taon, ▪ Litrato 3: Ang Pandaigdigang Pagpupulong Tungkol sa Medisina na pinangunahan ng WCDN sa Cebu, Pilipinas, ▪ Litrato 4: Ang Pandaigdigang Pagpupulong Tungkol sa Medisina na pinangunahan ng WCDN sa Rome, Italy, ▪ Litrato 5: Puwesto ng Urim Books sa Seoul International Book Fair noong 2011, ▪ Litrato 6 at 7: Nagsagawa ng seminar tungkol sa 'The Message of the Cross' sa mga bansang Latin-America ang MIS (Manmin International Seminary)